dorevitch Pathology
A Symbion Health Limited company

detect™

SIEMENS medical
Incorporating Nagetream Technology from:
FUJIREBIO INC.

BOWEL CANCER SCREEN

Mga tagubilin sa paglikom ng muwestra (sample)

Itong pagsusuri ay madaling gawin.

Pakisuyong basahin ng mabuti ang mga tagubilin bago kunin ang inyong muwestra.

HUWAG ninyong babaguhin ang inyong diyeta o iniinom na gamot.

Kumuha lang ng **katiting** na muwestra (kaunting lahid lang sa dulo ng pansundol) galing sa **dalawang** hiwalay na mga pagdumi.

Kung kayo ay dumudumi ng hindi lang isang beses isang araw, maaari ninyong kunin ang dalawang muwestra sa araw ding iyon.

PAGHAHANDA

Dapat naglalaman ang inyong pakete ng:

1. Dalawang papel na kolektahan ng muwestra
2. Dalawang mga pansundol – isang asul at isang pula
3. Dalawang maliliit na mga tubong lalagyan – isang asul at isang pula
4. Dalawang etiketa - isang asul at isang pula
5. Dalawang nahihigpitan ang takip na malalaking mga tubo para pambiyahe
6. Isang plastik na supot na may-sarahan sa itaas
7. Isang may-pakapal na sobreng bayad-na ang pangkoreo

Ang inyong paanyayang pakete ay dapat na may kasamang isang **asul** na **Pormularyo ng mga detalye ng Kalahok (Participant Details Form)**. Pakitiyak na tama ang mga detalye sa pormularyong ito. Punuin ang pormularyo at ipadala ito kasama ang inyong mga muwestra.

HUWAG manguha ng muwestra kung:

- mayroong kayong almoranas na nagdurugo.
- kasalukuyan o nasa ikatlong araw bago o matapos ang pagreregla.
- may dugo ang inyong ihi at kita ito sa inodoro – dapat mong tawagan ang inyong doktor kung ganyan ang kalagayan.
- mayroon kayong sakit sa bituka nitong nagdaang 12 buwan na ginagamot sa kasalukuyan – sumangguni sa inyong doktor kung hindi nakatitiyak.
- kayo ay nakatakdang magpa-“colonoscopy” sa nalalapit na panahon.

Upang matulungan sa pagbuo ng pagsusuri, pakitawagan ang **1300 738 365**(lokal na tawag ang singil) sa pagitan ng alas:9 n.u at alas: 5 n.h (Oras sa Silangan)(EST) Lunes – Biyernes.

PAGLILIKOM NG MGA MUWESTRA

Pagkolekta ng unang muwestra

Tandaan: Kahit hindi kailangan, iminumungkahi namin na gamitin ninyo ang asul na pansundol, asul na tubong lalagyan at asul na etiketa para sa unang muwestra.

Ang papel na kolektahan ay nasisira (biodegradable) at ma-aagnas sa loob ng limang minutong mapadikit sa likido.

1. **Igahin ang inyong pantog(umihi), palubugin (i-flush)ang laman ng inodoro**.

2. **Ipatong ang pangkolektang papel, papaitaas ang imprenta, sa ibabaw ng tubig sa loob ng inodoro.**

3. **Dumumi sa ibabaw ng papel** – huwag mag-alala kung lumubog ito sa tubig – hindi maaapektuhan ang pagsusuri.

4. **Gamit ang pansundol, ibaon ang dulo (hanggang sa pulang guhit) doon sa idinumi at ihilahod ito (swipe) sa kahabaan ng idinumi ng tatlong ulit. Tingnan ang nakaguhit** ⟶

   

   Ganito lang ang dapat ninyong gawin sa paglikom ng katiting na muwestrang kailangan sa pagsusuri – ang sobrang dami ay nangangahulugang hindi maisasagawa ang pagsusuri.

5. **Itulak ang dulo ng pansundol patagos sa puting takip ng maliit na pangkolektang tubo, hanggang sa ang pansundol ay maayos na nakapasok.**
   HUWAG tatanggalin ang puting takip at **HUWAG** lalagyan ng dumi ang maliit na pangkolektang tubo!



Ibaon ang pansundol sa maliit na pangkolektang tubo.

Patuloy na ipasok ang pansundol sa tubo.

6. **Isulat ang inyong mga detalye at ang petsa sa etiketa kung saan nakatukoy at idikit ito sa maliit na pangkolektang tubo gaya ng nakalarawan.**



Dapat nakalagay sa etiketa ang apelyido, pangalan, Petsa ng kapanganakan at petsa ng muwestra.

Idikit ang etiketa sa pangkolektang tubo HINDI sa pambiyaheng tubo

7. **Ipasok ang maliit na pangkolektang tubo sa isa sa malaking pambiyaheng tubo na may panghigpit na pansarahan**. **HUWAG** aalisin ang papel na 'absorbent'.

Tamang paglalagay ng nalikom na muwestrang inilalagay sa pambiyaheng tubo.

8. **Panghuling gagawin, itago ito sa isang madilim, tuyong lugar na nasa temperaturang pangkwarto (hindi lagpas sa 25°C) hanggang sa malikom ang pangalawang muwestra.** Kung ang inyong karaniwang temperatura sa kwarto ay mataas pa sa 25°C, ayos lang na itago ang muwestra sa inyong repridyereytor(fridge)na malayo sa pagkain. **HUWAG papagyeluhin.**

Pagkolekta ng pangalawang muwestra

Ulitin ang mga hakbang mula 1 - 7, gamit ang pangalawang pansundol, maliit na pangkolektang tubo at etiketa.

Ang pangalawang muwestra ay **dapat na makuha sa loob ng dalawang linggo** pagkatapos ng unang muwestra.

PAGSUSUMITE NG MGA MUWESTRA UPANG SURIIN

1. Pagkatapos na malikom ang dalawang mga muwestra, **SAGUTAN**, **LAGDAAN** at **PETSAHAN** ang asul na **Pormularyo (Participant Details Form)**.

2. I-tsek na nagawa ninyo ang:

   - ☐ nalagyan ng etiketa ang bawa't maliliit na pangkolektang tubo ng inyong pangalan, petsa ng kapanganakan at petsa ng muwestra;
   - ☐ paglalagay ng bawa't maliit na pangkolektang tubo sa loob ng may-nahihigpitang pantakip na mas malaking pambiyaheng tubo;
   - ☐ paglalagay ng dalawang may-nahihigpitang pantakip na mas malaking pambiyaheng mga tubo **(nakalagay ang dalawang maliliit na mga pangkolektang tubo)** sa loob ng may-pansara sa itaas na plastik na supot ;
   - ☐ paglalagay ng may-pansara sa itaas na plastik na supot sa loob ng may-pakapal na sobreng bayad-na ang pangkoreo;
   - ☐ isinama ang '**Participant Details Form'** sa may-pakapal na sobreng bayad-na ang pangkoreo;
   - ☐ sinaraduhan ang may-pakapal na sobreng bayad-na ang pangkoreo;
   - ☐ sinulatan ng Pangalan ng Nagpadala at mga detalye ng Tirahan ng Nagpadala sa may-pakapal na sobreng bayad-na ang pangkoreo kung saan nakatukoy; at
   - ☐ nilagdaan ang Deklarasyon sa **harapan** at **likuran** ng may-pakapal na sobreng bayad-na ang pangkoreo;

3. Ipadala ang sobreng bayad-na ang pangkoreo sa pamamagitan ng 'Australia Post' sa lalong madaling panahon (pilitin sa loob ng 24 oras). Datapwa't, sa panahong sobrang init o lamig ng panahon, subukan at piliting maihulog sa koreo sa resonableng oras na malapit na sa takdang-oras ng pangongolekta ng mga sulat. **HUWAG** nang gamitin ulit ang malaking puting sobre na pinanggalingan ng inyong pakete ng pagpapaanyaya.

UPANG MATULUNGAN

Upang matulungan sa pagbuo ng pagsusuri, tawagan ang Opisyal sa Pakikipag-ugnayan (Communications Officer) sa numero **1300 738 365** sa pagitan ng alas:9.00 n.u. at alas: 5.00 n.h. (Oras ng Silangan) EST Lunes – Biyernes

Serbisyo ng Pagsalinwika at Interprete (TIS) ay maipagkakaloob, tumawag sa:**13 14 50**.

Maipagkakaloob ang mga naisalin–wikang mga tagubilin:

- sa website ng Pambansang Programa sa Pagsusuri ng Kanser sa Bituka (National Bowel Cancer Screening Program:
http://www.cancerscreening.gov.au/internet/screening/publishing.nsf/Content/multilingual-information-1

  o kaya

- sa pamamagitan ng pagtawag sa 'Communications Officer' sa **1300 738 365**.